

Ang Pantubos—Ang Pinakamahalagang Regalo ng Diyos (Bahagi 1)

Batay sa kabanata 5 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang paniniwala mo at kung bakit mo iyon pinaniniwalaan, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong paniniwala.



BAKIT NAMATAY SI JESUS PARA SA ATIN?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Ano kaya ang posibleng sabihin ng iba?

Ano ang paniniwala *mo*?

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

Ang pantubos ay solusyon ng Diyos sa problemang kagagawan ng unang taong si Adan.


(Tingnan ang kabanata 5 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 1-8.)

Basahin ang Genesis 2:16, 17; 3:17-19.

Bakit namatay ang unang taong si Adan?

Basahin ang Roma 5:12.

Paano nakaapekto ang kasalanan ni Adan, hindi lang sa kaniya, kundi pati sa lahat ng kaniyang magiging anak?



Kung may mantsa ang orihinal na dokumento, magkakaroon din ng mantsa ang lahat ng kopya nito. Dahil sa kasalanan ni Adan, ang lahat ng magiging anak niya ay isisilang na di-sakdal

Ang pantubos, na para sa ating kaligtasan, ay nagpapakita ng di-sana-nararapat na kabaitan ng Diyos.

(Tingnan ang kabanata 5 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 9-13.)

Basahin ang Roma 5:19 at 1 Corinto 15:21, 22.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa kalooban ng Diyos para sa kaniya at pagbibigay ng kaniyang buhay bilang hain, ano ang nagawa ni Jesus para sa tapat na mga tao?

Basahin ang Roma 3:23, 24 at 1 Juan 4:9, 10.

Makakamit ba ng mga tao ang kaligtasang dulot ng pantubos sa *sarili nilang pagsisikap*? Ipaliwanag.

Ano ang pinakahinahangaan mo tungkol sa paglalaan ng Diyos ng pantubos?

3

IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI...

Layunin naman talaga ng Diyos na mamatay ang mga tao.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Posibleng marami ang sasang-ayon diyan. Pero iba ang paniniwala ko dahil...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?

KUNG MAY MAGSASABI...

Iniisip ng mga Saksi ni Jehova na maliligtas sila sa sarili nilang pagsisikap sa kanilang pangangaral.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Naniniwala kami na napakahalaga ng aming pangangaral. Pero *hindi* kami naniniwala na maliligtas kami sa sarili naming pagsisikap dahil...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?
